Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

7 ; 6

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-13 NG PEBRERO, 2006, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS .............. | PANG. PUNONG BAYAN *Tagapangulo* |
| Kgg. Bryan R. Lateo .............. | Kagawad |
| Kgg. Narciso A. Cayos .............. | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat .............. | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat .............. | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco .............. | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. .............. | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit .............. | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico .............. | Kagawad – SK |

DI-DUMALO

| | |
|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco .............. | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 029-T'06

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 03-T'06 / KAUTUSAN SA PLANONG PANGKAUNLARAN BLG. 02-T'06 NG BARANGAY JASAAN NA NAGPAPATIBAY SA ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NA NAGKAKAHALAGA NG ISANGDAAN TATLUMPUT PITONG LIBO LIMANGDAAN TATLUMPUNG PISO AT PITUMPUT PITONG SENTIMOS (Php137,530.77).

SAPAGKA'T, *may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang* Barangay ng Jasaan para sa taong ito na paglalaanan ng 20 bahagdang kabahagi ng rentas-internas;

SAPAGKA'T, matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay at *naaayon sa itinatadhana ng LBC # 70 ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi* ng Sangguniang Bayan na pagtibayin na ang AIP ng Brgy. Jasaan.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Virgilio T. Ciriaco, na *pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Alden A. Sulit, Roselon F. Pamatmat at Alan T. Pamatmat* at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 03-T'06 / Kautusan sa Planong Pangkaunlaran Blg. 02-T'06 ng Barangay Jasaan na nagpapatibay sa Annual Investment Plan (AIP) na nagkakahalaga ng Php 137,530.77.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. ng Jasaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

*Jeanette P. Alfonso*
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan